Punla at Ani: Ipinunlang Boto ng Kabataan, Aanihin ng Lipunan

Makapangyarihan kung maituturing ang isang taong nagmamay-ari ng lupain, may tauhan, at may pribilehiyong matutong magpataba ng lupa. Subalit kahit gaano pa man ito kalawak, kung walang butong ipupunla at walang sapat na abilidad sa pagpapayabong ng lupa, wala rin itong patutunguhan. Ang kakayahan ay hindi basta-bastang ibinibigay lamang, dahil ito ay ipinupunla at pinaghihirapang anihin sa tamang oras.

Pagsasaka. Ang isang mamamayang mariin ang pagtugon sa isang responsibilidad ay maituturing na magsasaka. Sa isang lipunang kailanman ay hindi sisibol ang pagkakapantay-pantay, mas makataong lubos-lubusin ang kakayahan upang makapaglingkod sa kapwa habang tinutulungan din ang sarili. Isa ang matalinong pagboto na angkop sa deskripsyon na ito. Ang pagboto ay hindi lamang para sa matatanda, karapatan din ito ng mga nagiging ganap na matanda. Hindi ito bastang pag-itim ng bilog sa balota; at mas lalong hindi ito para suportahan ang personalidad na panay ang pamumulitika, ngunit walang alam sa tunay na politika. Ang gampanan ito ay isang karapatan at obligasiyon na marapat na pahalagahan at huwag hayaang masayang.

Malawak at malayang pagtatanim. Dahil ang Pilipinas ay isang demokratiko at republikanong bansa, nasa kamay ng mga Pilipino ang kalakhang bahagi ng magiging estado nito. Ang demokrasyang umiiral sa bansa ang nagbibigay ng kapangyarihan sa mga mamamayan na magluklok ng mga taong nararapat na mamuno. Ang pagiging isa sa mga kabataang mag-aalay ng pagbabago at mas lalong magpapaigting nito ay napakahalaga. Kung ang pagiging pinuno ay makapangyarihan, gayundin ang pagiging botante. Hindi maituturing na hadlang ang pagiging isang menor-de-edad o pagiging bata sa pakikialam sa gobyerno dahil ito ay isang responsibilidad. Ang isang batang nabubuhay sa isang nakapihit o malaya mang komunidad ay dapat na mayroong kamalayan sa mga panlipunang isyu. Sapagkat ito ang pumapaimbulog sa kanilang pagkatao, pagkakakilanlan, at paghulma sa kanila bilang ganap na mamamayan.

Tuyong-tuyo ang lupa. Matagal nang laganap ang karahasan at kawalan ng konsensiya ng mga nasa tuktok sa nasasakupan nito. Kung kaya't hindi na bago ang mga pang-aalipustang ginagawa ng mga taong mas mataas ang estado kaysa mga karaniwang mamamayan sa kasalukuyan. Ilan sa mga panghahamak na ito ay ang diskriminasyon sa homosekswalidad, red-tagging, walang habas na pamamaslang, at pagbabalewala sa karapatang-pantao. Nagsisilbi ang mga itong dahilan upang mas buhayin pa ng mga kabataang Pilipino ang pagkakaisa para sa kanila at sa bayan. Sa pamamagitan ng pag-agos ng tubig mula sa mga mulat, ang mga Pilipinong tigang at uhaw sa kaalaman ay mapaglalaanan na ng kaukulang pansin. Kung bubuhayin lamang ang pagka-Pilipino sa bawat isa, mailalantad ang harap-harapang pang-aabuso sa mga mararalitang sektor sa lipunan. Sa pagdaloy nito, maihahayag din sa mga Pilipino ang pagkamakasarili ng ilang nakaupo sa gobyerno at hindi tamang pagtrato sa mga magsasaka, mahihirap, at maging sa mga kababaihan. Kung susumahin, lahat ng mga problemang panlipunan ay muling mabibigyan ng tuon, dahan-dahang maiwawaksi, kung magkakaroon ng mapayapang botohan, wais na pag-iisip at matalinong lider.

Maraming ligaw na damo. Malinaw man ang kahalagahan ng kanilang partisipasyon, mayroon pa ring mga hadlang upang hindi mapagtagumpayan ng mga kabataan ang pagboto sa nalalapit na Halalan 2022. Ang paglilimita ng mga matatanda sa pulitika bilang usapang hindi pambata ay mali. Ginagawa lamang nitong mangmang ang mga kabataan para impluwensiyahan sa mga indibidwal na kursunadang walang makatotohanang basehan. Ang ilan pa sa mga problemang kinahaharap sa pagboto ay ang kawalan ng kaalaman sa eleksyon, kahirapan sa pagpaparehistro, at limitadong simpatya sa mga kabataan.

Maaaring patabain ang lupa. Ang mga salabid para sa mas masaganang pagboto ay maaari rin namang gawing motibasyon sa halip na balewalain na lamang. Binubuksan ng mga hangaring magkaroon ng isang panlipunang pagbabago, mas organisadong sistema, at mas makatuwirang batas ang mga isip ng kabataan– dahilan upang mas tumaas ang kanilang pedestal pagdating sa mga kandidato. Hindi kinakailangang may panigan na partido, dahil unang-una pa lamang, para sa bayan ang boto ng bawat kabataan. Ang mga kabataan ang magtataguyod ng diskusyon para sa tamang pagpili ng susuportahang pinuno. Ika nga ng Kagawaran ng Edukasyon– “Youth vote has 'potential power' to influence elections”.

Samakatuwid, ang pagkakaroon ng malawak na lupain ang magsisiklab sa damdamin ng bawat Pilipino na magkaroon ng unyon upang mailantad ang mga nasa tuktok ng tatsulok-nang tuluyan na itong mabaligtad. Sa tulong nito, mas lalakas pa ang boses ng mga naghuhumiyaw para mapasakamay ang pantay-pantay na karapatan, katarungan, at hustisya sa paninikil. Ang natuyong lupain ng kamalayan at kahirapan ay unti-unting mararasyunan at madidiligan ng kasaganahan. Ang mga naipunlang boto ay sisibol nang malusog, yayabong at mapakikinabangan ng kasalukuyan at susunod pang henerasyon. Bagamat walang kasiguraduhan ang pagsilay ng mga bagong punla sa disyerto, nananatili pa rin itong posible. Ito ay dahil sa mga magsasakang may paninindigang alisin ang mga batong walang silbi; at palitan ng mga matatabang lupang angkop sa paglago ng lipunan at bawat mamamayang Pilipino.